

## APPLICATION

- Kung susubukin ng Diyos ang nilalaman ng puso mo, ano sa palagay mo ang ipapakita ng pagsubok na ito? Sa palagay mo, paano ito dapat magbago?
- Paano nagbigay ang Diyos ng gabay at probisyon para sa iyo at sa pamilya mo? Magbahagi ng tatlong bagay na ginawa Niya para sa iyo noong nakaraang taon.
- Paano mo nakita ang probisyon ng Diyos sa pamamagitan ng pangangalaga sa iyo at sa mga ipinagkaloob niya sa buhay mo?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang probisyon at biyaya. Ihayag ang pagtitiwala mo sa Kanyang salita, at hindi sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa iyo araw-araw.
- Balikan kung paano nagkaloob at nangalaga ang Diyos para sa iyo at sa pamilya mo. Mangako na lagi kang magtitiwala sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon at ng lakas ng loob na ibahagi sa iba ang Kanyang katapatan at pagkaloob sa iyo at sa iyong pamilya.

## THE ABILITY TO PRODUCE WEALTH

## Isang Utos na Alalahanin

WEEK 2

## WARM-UP

- Sino ang pinakamakakalimutang tao na kilala mo? Ano ang kadalasan niyang nakakalimutan o naiwawala?
- Ano ang ginagawa mo upang ipaalala sa sarili mo ang mga mahahalagang gawain sa isang araw? Magbahagi ng isang *life hack*.
- Magkwento tungkol sa pinakakakaibang bagay na kinain mo.

**WORD** <sup>2</sup>“Alalahanin ninyo kung paano kayo ginabayan ng PANGINOON na inyong Diyos sa paglalakbay ninyo sa disyerto sa loob ng 40 taon. Ginawa niya ito upang turuan kayong magpakumbaba, at sinubok niya kayo upang malaman kung ano talaga ang nilalaman ng inyong puso, kung susundin ninyo ang kanyang mga utos o hindi. <sup>3</sup>Ibinaba niya kayo sa pamamagitan ng paggutom sa inyo at pagkatapos, binigyan niya kayo ng ‘manna’—isang klase ng pagkain na hindi pa ninyo natitikman maging ng inyong mga ninuno mula pa noong una. Ginawa ito ng PANGINOON para ituro sa inyo na hindi lang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng PANGINOON. <sup>4</sup>Sa loob ng 40 taon, hindi naluma ang mga damit ninyo at hindi namaga ang mga paa ninyo sa paglalakbay.”

**DEUTERONOMIO 8:2-4**

Kilala ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan. Paulit-ulit silang hindi naging matapat sa Kanya at nauwi sa pagtitiwala sa mga diyos-diyosan. Bago nila pasukin ang lupang ipinangako sa kanila ng Diyos, inutusan Niya sila sa pamamagitan ni Moises na alalahanin Siya at ang lahat ng ginawa Niya para sa kanila. Tinuruan sila ng Diyos na magpakumbaba upang maunawaan nila na ang tao ay hindi nabubuhay sa pagkain lamang. Upang ganap silang umasa sa Kanya para sa pagkain nila sa araw-araw, ipinagkaloob Niya ang pagkain na hindi pa nila nakita o natikman, at hindi nila maitatabi

para sa susunod na araw. Dinisiplina Niya sila gaya ng pagdidisiplina ng isang ama sa kanyang anak dahil nais Niyang mamuhay sila ayon sa Kanyang pamamaraan at makatanggap ng Kanyang pagpapala. Ngayon, titingnan natin ang tatlong bagay na sinabi ng Diyos na dapat nilang alalahanin tungkol sa buhay nila sa disyerto.

## 1 | Alalahanin ang paggabay ng Diyos.

*“Alalahanin ninyo kung paano kayo ginabayan ng PANGINOON na inyong Diyos sa paglalakbay ninyo sa disyerto sa loob ng 40 taon. Ginawa niya ito upang turuan kayong magpakumbaba, at sinubok niya kayo upang malaman kung ano talaga ang nilalaman ng inyong puso, kung susundin ninyo ang kanyang mga utos o hindi.” DEUTERONOMIO 8:2*

Sa loob ng apatnapung taon, ginabayan at inalalayan ng Diyos ang Kanyang mamamayan sa disyerto. Ginamit Niya ang kanilang paglalakbay upang turuan silang magpakumbaba at subukin sila. Nais Niyang ipakita sa kanila kung ano ang nilalaman ng kanilang mga puso. Inutusan ni Moises ang mga Israelita na alalahanin kung paano naging matapat ang Diyos sa kanila. Ngayon, tayo ay ginagabayan ng Diyos, tinuturuan na magpakumbaba, at pinahihintulutang dumaaan sa pagsubok ng ating mga puso habang hinihintay natin ang katuparan ng Kanyang mga ipinangako. Paano natin makikilala at maaalala ang paggabay ng Diyos sa araw-araw nating pamumuhay?

## 2 | Alalahanin ang pagkakaloob ng Diyos.

*“Ibinaba niya kayo sa pamamagitan ng paggutom sa inyo at pagkatapos, binigyan niya kayo ng ‘manna’—isang klase ng pagkain na hindi pa ninyo natitikman maging ng inyong mga ninuno mula pa noong una. Ginawa ito ng PANGINOON para ituro sa inyo na hindi lang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng PANGINOON.” DEUTERONOMIO 8:3*

Natutunan ng mga Israelita na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat. Noong sila ay nagugutom, pinakain sila ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapadala ng manna at pugo (Exodus

16). Hindi nila alam kung ano ang manna. Ang alam lamang nila ay ipinagkaloob ito ng Diyos upang hindi sila magutom. Sa kabuuan ng pananatili nila sa disyerto, matapat na ipinagkaloob ng Diyos ang lahat ng kanilang kailangan. Ipinagkaloob din sa atin ngayon ng Diyos ang ating mga pangangailangan gaya ng ginawa Niya sa mga Israelita. Ang Kanyang mga pagpapala ay hindi lamang mga materyal na bagay. Nais Niyang mamuhay tayo sa *bawat salita ng PANGINOON*. Nais Niyang magkaroon tayo ng makabuluhan at masaganang buhay. Paano mo nakita ang pagkakaloob ng Diyos para sa iyo at sa iyong pamilya?

## 3 | Alalahanin ang pangangalaga ng Diyos.

*“Sa loob ng 40 taon, hindi naluma ang mga damit ninyo at hindi namaga ang mga paa ninyo sa paglalakbay.” DEUTERONOMIO 8:4*

Ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa Kanyang kasunduan. Iniisip Niya hindi lamang ang pinakamalalaki nilang pangangailangan, kundi maging ang mga maliliit na bagay na nagbibigay sa kanila ng kaginhawahan. Sa apatnapung taong paglalakbay sa disyerto, hindi naluma ang mga damit nila. Ito ay maituturing din na isang himala. Maliban pa dito, hindi namaga ang mga paa nila sa kabila ng kanilang mahabang paglalakbay. Hindi man sila binigyan ng Diyos ng mga bagong damit, pinangalagaan naman Niya ang mga ito sa loob ng apat na dekada. Tulad nito, hindi lamang ipinagkaloob ng Diyos ang ating mga pangangailangan; Pinangangalagaan din Niya ang mga ipinagkaloob Niya sa atin. Hindi Niya tayo pinababayaang mag-isa—inaalalayan Niya tayo. Ayon sa Kawikaan 10:22, ano ang ginagawa ng Diyos kapag Siya ay nagbibigay sa atin ng mga pagpapala? Paano mo nakita ang katotohanang ito sa buhay mo?